

# NIZ Balitaan

Opisyal na tagapamansag ng Philippine Carabao Center para sa National Impact Zone

Pagiging  
'middleman' ng  
gatas nagbigay  
pag-asa sa  
isang pamilya sa  
Aliaga... p2



Si Ferdinand Urbano kasama ang ilan sa kanyang mga alagang kalabaw.

## Ligaya't saya sa pagtulong sa iba

Ni Charlene Corpuz

**Tuwing sasapit ang umaga, masayang makikita ang pagpapalitan ng salapi at gatas sa itinuturing na bahay-pamilihan sa Balangkare Norte, Gen. Natividad, Nueva Ecija. Dito matatagpuan si Ferdinand "Ding" Urbano, 41, isang maggagatas na naging tulay upang maging aktibo sa paggagatas ang ilang nagmamay-ari ng gatasang kalabaw sa kanilang lugar.**

Ang kanyang hangarin ay hindi para kumita o makilala bagkus ay makatulong at makapagbigay ng oportunidad sa kapwa maggagatas at ilang pribadong indibidwal na ngayon ay kabilang na rin sa mga nasasabik sa bawa't patak ng aning gatas.

Si Ka Ding ay kasalukuyang vice-chairman ng Nag-iisang Masikap

Multi-Purpose Cooperative, isa sa mga kooperatibang inaasistehan ng PCC. Nagsisilbi rin siyang isa sa mga direktor ng Nueva Ecija Federation of Dairy Carabao Cooperatives (NEFEDCCO).

Sa kabila ng iba pang mga pinagkakakitaan gaya ng pagsasaka ng palay, gulayan, at itikan, nananatili siyang nakatutok sa pag-aalaga ng mga gatasang kalabaw at pagpapaunlad ng industriya ng paggagatasan.

"Kahit na mas malaki ang kita ko sa mga itik, mas nakatutok pa rin ako sa paggagatas ng aking mga kalabaw. Dito kasi ako masaya," saad ni Ka Ding.

Kwento niya, iminulat na siya noon pa lamang ng kanyang lolo sa pag-aalaga ng mga kalabaw kaya hindi maikakaila na malapit na ito sa kanya

at lubha na niyang nakagisnan. "Walang kaso sa akin kung kahit magkano lang ang pwede kong kitain sa gatas, basta ang mahalaga ay masaya ako rito," dagdag pa niya.

### Pagsisimula ng pamimili ng gatas

Kalagitnaan ng taong 2016-2017 nang magkaproblema ang pederasyon (NEFEDCCO) na kinabibilangan ni Ka Ding. Ang pederasyong ito ang nakatutok sa mga kooperatibang umaasa sa gatasang kalabaw sa Nueva Ecija.

"Hindi makababangon ang NEFEDCCO kung hindi magtutulungan ang mga miyembro, at ang talagang solusyon ay ang pagtaas ng produksyon ng gatas," pagbabalik-tanaw niya.

Sundan sa p.3

## Ulat pinansiyal o FS mahalagang aspeto sa pamamahala ng negosyo

Ni Chrissalyn Marcelo

**"Ang pagkakaroon ng wastong kaalaman at wastong pagsasagawa ng financial statement (FS) o ulat pinansiyal ay susi upang wastong mapamahalaan ang anumang negosyo".**

Ito ang buod ng ginanap na pagsasanay sa "Basic Financial Reporting and Interpretation" noong Hunyo 7-8 sa PCC na pinangunahan ng *National Impact Zone (NIZ) team* ayon sa coordinator nito na si Wilma Del Rosario.

Dumalo sa nasabing pagsasanay ang mga board of directors at mga opisyal ng 11 kooperatiba ng mga magsasakang-maggagatas sa Nueva Ecija.

"Mahalaga ang FS upang bantayan ang kondisyon ng pamamahala ng negosyo. Gamit ito, magkakaroon ang mga magsasakang-maggagatas ng kakayahang magpasya kung dapat pa ba silang patuloy na mamuhunan sa negosyo; at tumanggap at mag-reject ng orders mula sa kanilang mga mamimili, depende kung makikita nilang kumikita nga ba talaga sila sa kanilang negosyo," ani Joshua Villanueva, financial analyst mula sa Business Development and Commercialization Unit (BDCU) at isa sa mga tagapagsalita sa ginanap na pagsasanay.

"Maganda po para sa katulad ko na namumuno sa kooperatiba na malaman kung ano nga ba ang FS at ang gamit nito. Dahil sa pagsasanay, mas maigi na naming masusuri ang nilalaman ng FS at hindi na katulad ng dati na hindi namin ito nauunawaan," ani Allan Benitez, chairman ng Simula ng Panibagong Bukas Multi-Purpose Cooperative (SIPBUCO) at isa sa mga kalahok sa pagsasanay.

Sundan sa p.3





Magkatulong ang mag-asawang Pedro at Imelda sa pag-iikot at pamimili ng gatas ng kalabaw sa kanilang lugar at kalapit na bayan.

## Pagiging 'middleman' ng gatas nagbigay pag-asa sa isang pamilya sa Aliaga

Ni Ma. Cecilia Irang

**Maaliwalas ang mga mukha at bakas ang kasiyahang nadarama ng mag-asawang Pedro, 55, at Imelda Aquino, 55, ng Bibiclat, Aliaga habang isinasalaysay ang isa sa mga pinakamagagandang pakinabang na naidulot ng negosyong salig sa kalabaw sa kanilang pamilya.**

Ang kanilang anak na si Cyril Pearl, 22, ay nakapagtapos sa kolehiyo noong nakaraang taon sa tulong ng kita nila sa pagiging "middleman" ng gatas ng kalabaw.

*Middleman* ang tawagsa taong bumibili ng paninda o produkto gaya ng gatas ng kalabaw mula sa mga tagaprodus o magsasakang maggagatas at nagbebenta sa mga mamimili o tindahan ng mga produktong gawa sa gatas ng kalabaw.

"Kung walang gatas ng kalabaw, hindi namin kayang tustusan ang pag-aaral ng aming apat na anak," sabi ni Ka Pedro.

Nakapagtapos ang anak nilang si Cyril ng kursong *Bachelor of Science in Business Administration Major in Economics* sa Central Luzon State University (CLSU) at kasalukuyang nagtatrabaho sa *accounting department* ng isang kumpanya ng *call center* sa Manila.

Maliban dito, labis ding nasasabik ang mag-asawa sa nalalapit na pagtatapos ng isa pa nilang anak sa Pebrero sa susunod na taon na kumukuha naman ng kursong *Bachelor of Science in Agricultural Engineering*.

"Hindi lang basta magandang pangkabuhayan itong pagkabalabaw, masasabi ko na tunay itong maaasahan. Kailangan lang ng ibayong pagsisikap, pagtitii, at tiyaga para may balik na pakinabang," ani Ka Pedro.

Kwento niya, alas kwatro pa lang ng umaga ay gising na silang mag-asawa para maghanda at ayusin ang mga kakailanganin sa pamimili ng gatas. Pagsapit ng alas sa is ay nag-iikot na sila para bumili sa mga magsasakang-maggagatas sa kalapit na bayan.

Sa kasalukuyan, umaabot sa karaniwang 170 hanggang 200 litro ng gatas araw-araw ang binibili nila sa halagang Php48 kada kilo mula sa 25 magsasakang maggagatas sa Aliaga, Talavera, at Quezon.

Isang daang kilong gatas araw-araw ang karaniwang dinadala ni Ka Pedro sa Aying's Pastillas sa Cabiao habang 70-80 kilo naman ang dinadala ni Imelda sa DVF Dairy Farm sa Talavera. Ito ay binabayaran sa kanila sa halagang Php60 kada kilo.

### Pagsisimula

Nguni't gaya ng karaniwang nagiging karanasan sa pagnenegosyo, nagsimula rin sa hirap ang mag-asawa bago nila nalasap ang masasabing kaginhawahan sa buhay.

Sinuong ni Ka Pedro ang pagiging *middleman* noong 2011 na ang tanging baun-baon ay pananalig niya sa Diyos at tibay ng loob.

"Dalawang mestisang kalabaw ang inaalagaan ko noon at ginagatasan.

Inisip kong maigi kung saan magandang kumita," ani Ka Pedro.

Ayon sa kanya, halos isang taon siyang nangangapa sa trabahong ito at may mga suliranin ding kinaharap. Hindi kasi, aniya, maiiwasan na magkaroon ng kakumpetensiya sa gawaing ito.

Maliban dito, hindi rin ganoon kalaki ang naging kita niya dahil tatlong tao pa lang ang regular na nagbebenta sa kanya ng gatas noon. Naging problema rin niya ang hindi kaagad na pagbabayad ng una niyang sinusuplayan ng gatas sa Bulacan.

"Naranasan ko noon na dalawa hanggang tatlong buwan akong hindi nakakolekta ng gatas. 'Yong ibang mga tao, nasisiraan na ng loob. Ang ginawa ko ay isinangla ko 'yong kaunting saka namin para mabayaran ko 'yong gatas na kinolekta ko,' kwento ni Ka Pedro na saglit na pinangiliran ng luha.

Taglay ang matinding pagpapagal niya bilang *middleman*, taong 2012 nang magsimula namang maramdaman ni Ka Pedro at ng kanyang pamilya ang unti-unting pagbuti ng kanilang pamumuhay.

Sa taong iyon naging regular na siyang *middleman* ng gatas ng kalabaw para kay DVF at Aying. Doon nagsimulang dumami ang mga magsasakang maggagatas na naging kliyente niya at lumaki ang kanyang kita.

"Nasusuportahan na namin ang pag-aaral ng aming mga anak at natutugunan na rin ang pangunahing mga pangangailangan ng pamilya," masaya nang paglalahad ni Ka Pedro.

Sa kasalukuyan, tatlo ang inaalagaang mestisang kalabaw ni Ka Pedro; isa rito ang buntis.

Ayon sa kanya, nakatulong din ang PCC sa kanyang gawain dahil sa tuwing may *pa-artificial insemination (AI)* ito sa kanilang barangay ay dinadala niya ang alaga niyang kalabaw para ipa-AI. Maliban dito, napagkalooban din siya ng PCC ng *lactometer* at *milk cans*.

Dahil sa kita sa pagiging *middleman* ng gatas, ang pamilya Aquino ay nakapagpundar na ng apat na motor na ginagamit nilang *pandeliver* ng gatas, mga *appliances*, at ngayon ay ipinapaayos na rin nila ang bahay nila na nasira dahil sa nagdaang bagyo.

"Katas ng gatas kung ituring ko ang mga naipundar namin. Wala ang lahat ng ito kung hindi ako iniingatan ng Diyos sa araw-araw na pagmamaneho ko para mag~~deliver~~ ng gatas kaya't pinupuri ko ang Diyos una sa lahat para sa aming tinatamong katiwasayan ng pamumuhay," nakangiting sambit ni Ka Pedro. ●

## iREB Dashboard: Tugon sa wastong kaalaman sa negosyong kalabawan

Ni Angelique Anlocotan

Isang katangian ng mahusay na negosyante o *dairypreneur* ang kakayahang bumuo ng desisyon batay sa katayuang pinansyal ng kanyang negosyo.

Bilang pagtugon sa kaalamang ito, layon ng PCC na lalo pang madagdagan ang kaalamang pinansiyal ng mga *dairypreneur* upang mas higit na mapag-igi ang pagpapatakbo ng mga negosyong salig sa kalabaw.

Noong nakaraang taon, sinimulang linangin ang paggawa ng isang *tool* o instrumento na magpapadali at magpapabilis ng pagsusuri sa kalagayan ng negosyo. Ang instrumentong ito, na tinatawag na "iREB Client Dashboard", ay hango mula sa *business portfolio research* na isinagawa noong 2016 na naglalayong patunayan ang kakayahang kumita ng mga negosyong salig sa kalabaw sa Nueva Ecija at kalapit na probinsya.

Ang *iREB Client Dashboard* ay nagsimula sa isang *Microsoft Excel* format na ginawa ng *Planning and Information Management Division-Business Development and Commercialization Unit (PIMD-BDCU)*. Ito ay isang instrumento upang tulungan ang mga magkabalabaw tungo sa isang matalinong pagnenegosyo. Sa pamamagitan ng *dashboard* ay makikita ng isang *dairypreneur* ang kasalukuyang lagay ng negosyo at kung aling aspeto ng negosyo ang dapat pagtuunan ng ibayong pansin.

Noong nakaraang Marso 26, ang *online dashboard* na ginawa ng *PIMD-Information and Communication Technology Section* ay inilunsad na may *web address* na <http://ireb.pcc.gov.ph>. Sa *website* na ito makikita ang *dashboard* ng bawat magkabalabaw kabilang ang estado ng kabuuang kalagayan (*business performance*) at produksyon (*production performance*) ng negosyo. Maaari itong buksan at baguhin saanman at kailanman sa pamamagitan ng kahit anong *electronic device* katulad ng *laptop*, *computer*, *cellphone*, o *tablet*.

Ang *business performance* ay bahagi ng *dashboard* na nagsasaad ng pinansyal

Sundan sa p.3





Si Ferdinand habang naghahanda sa pagdedeliver ng gatas sa NEFEDCCO.

## Ligaya at saya... mula sa p.1

Dahil dito, naisipan ni Ka Ding na mag-ikot-ikot sa mga katabing bahay at barangay upang magtanong kung sinu-sino ang mayroong mga kalabaw, napag-alaman niya na may ilang pribadong sektor at mga magsasakang nag-aalaga ng gatasang kalabaw ang hindi naggagatas, at kung naggagatas man ay para lamang sa mga alagang bulo.

Nang makita niya ang posibleng potensyal ng mga ito na makapagsuplay ng gatas sa kanilang pederasyon ay hinikayat niya na magsipaggatas at bibilhin ng NEFEDCCO ang bawa't aning gatas.

Nguni't dahil batid rin niya ang pangangailangan ng pederasyon sa pondo, nagdesisyon siyang abonohan o paluwalan ang bawa't halaga ng

gatas na maibebenta sa kanya.

Magbuhat noon ay nakapagsimula na siyang makapamilya ng gatas.

Regular niyang dinadala ang mga nabiling gatas sa NEFEDCCO kung saan binabayaran siya tuwing kinsenas at katapusan ng buwan. Ang halaga ng bawat litro ng gatas ay nasa Php50 hanggang Php55.

Sa kasalukuyan, nasa 50 litro na ng gatas ang regular niyang dinadala sa NEFEDCCO kung saan ang nasa 20 litro ay mula sa ani niya sa limang gatasang kalabaw at ang 30 litro ay sa pitong pribadong indibidwal na nagmamay-ari ng gatasang kalabaw at ilang mga kasamahan sa kooperatiba.

## Kagalakan sa pamimili ng gatas

Sa kabila ng pag-aabono ni Ka Ding sa mga binibiling gatas, at madalas na pagsasakripisyo sa paggamit ng pera para sa kanilang pang-araw araw na gastusin ay ramdam pa rin ang kasiyahan niya sa pamimili ng gatas. "Hanggang mayroong magtitinda rito, 'di naman ako titigil sa pamimili ng gatas. Kasi mayroon din naman akong aning gatas, kumbaga e, isinasabay ko rin 'yong sa kanila," saad niya.

"Hindi ko intensyon na talagang kumita sa pamimili, ang gusto ko 'yong maranasan nila na kumita rin sa gatas. Tinatanong nila kung bakit ako nagtitiyaga sa pag-aalaga ng kalabaw, ang sagot 'ko, syempre may pera sa kalabaw. Kaya ang gusto ko naman, maranasan din nilang kumita sa gatas," paliwanag ni Ka Ding.

Ang oportunidad na ito ay nagbukas ng pintuan para sa dagdag na kita sa ilang kapwa magsasaka at maging sa mga pribadong sektor sapagka't ang dating mga gatas na napapanis lamang ay naibebenta at nagiging pera na.

Ayon kay Ka Ding, ang mga nagsimula sa ekstrang pagbebenta ng gatas, ngayon ay halos *full-time* na at nais pang magdagdag ng gatasang kalabaw.

## Benepisyong pamimili ng gatas

Ayon sa kanya, dalawang pangunahing benepisyong ang

naidulot ng 'di niya inaasahang pagiging *milk buying-station* ng kanyang tahanan. Nakatulong ito sa pinansyal na pangangailangan at nakapagbabahagi rin ng kaalaman.

Kasama sa pamimili ng gatas ang pagsiguro ng kalidad ng mga ito. Dahil maselan ang gatas, nagkaroon din siya ng pagkakataon na maturuan ang ilang mga magsasaka ukol sa tamang paraan ng paggagatas at ang pagpapalamig ng mga ito kung saan nakapaloob sa *Proper Milk Handling and Storing* na natutunan niya sa mga pagsasanay na isinagawa ng PCC sa kanilang kooperatiba.

Maging ang *feeding management*, aniya, ay nagiging madalas na usapin na rin sa pagitan nila ng mga regular na nagbebenta ng gatas. Ito ay nang sa gayon, patuloy na makapagsuplay ng gatas ng kalabaw.

Sa kasalukuyan, mayroon siyang dalawang buntis na kalabaw at may 10 naman na mula sa mga pribadong sektor. Sa pagtuntong ng Hulyo-Agosto, inaasahan niyang mas dadami ang gatas.

Makadadagdag na ito sa kasalukuyang 25% na suplay nila sa kabuuang gatas ng NEFEDCCO. Isang patunay na kung minsan ay may mabuting dulot ang problema kung sama-samang sosolusyunan at pagtulung-tulungan.

Sa pagpapatuloy ng pamimili ng gatas ni Ka Ding, higit na uusbong ang bayanihan sa Gen. Natividad at mas marami pa ang aasa at magtitiwala sa pagkakalabawan. ●

## iREB... mula sa p.2

na kalagayan ng negosyo sa pamamagitan ng mga *business indicators* gaya ng ROI o *return on investment*, *farm net income*, *expense ratio* at iba pa.

Samantala, ang *production performance* naman ay nagsasaad ng mga *key performance indicators* (KPIs) na sumusukat sa kahusayan ng pagpapatakbo ng isang *dairy farm*. Sa pamamagitan nito, mababantayan ang mga KPIs gaya ng *milk production*, *calving interval*, *mortality*, *cost per liter*, *average milk/cow/day* at iba pa. Maaari ring makita sa *website* ang *video tutorial*, manwal at talatanungan na gagabay sa paggamit ng *dashboard*.

Mahigit sa 170 na magkakalabaw na sa taong 2017 ang gumagamit ng *dashboard* sa buong bansa at mahigit 80 ang nakikinabang dito

gamit ang *internet* ngayong taon.

Ayon sa mga nakagamit na nito, marami silang nakitang pakinabang sa paggamit ng *dashboard*, katulad ng mga sumusunod: nagbibigay ito ng wastong pagsusuri sa aspetong pinansyal ng negosyo, naipakikita nito ang kabuuang kalagayan ng negosyo, madali itong puntahan at baguhin, at higit sa lahat kaya nitong awtomatikong magkalkula ng *financial statement* at *balance sheet*.

Inaasahan ng mga nagpasimuno sa proyektong ito na marami pang mga *dairypreneurs* ang mas kikita ng malaki dahil sa wastong pangangasiwa ng negosyo gamit ang *dashboard*. ●

## Ulat ng pinansiyal... mula sa p.1

Tinalakay nina Villanueva at Christian Gonzales ng *Internal Audit Section* ng PCC sa nasabing pagsasanay ang mga sumusunod na paksa: (1) kaalaman tungkol sa ulat pinansiyal; (2) pagsusuri sa *financial performance* ng kooperatiba; at (3) *cooperative internal control*.

"Tiyak na nakatulong ang mga paksang ito para mas lalo pang iangat ang kaalaman ng mga magsasaka," ani Villanueva. "Sisiguraduhin namin na madaragdagan pa ang ganitong klaseng mga pagsasanay para mas lalo pang matulungan ang mga magsasaka sa pamamahala sa negosyo nila," dagdag pa niya.

Ang mga magsasakang-maggagatas

na lumahok sa pagsasanay ay mula sa mga sumusunod na kooperatiba: Catalanacan Multi-Purpose Cooperative, Simula ng Panibagong Bukas Cooperative, Eastern Primary Multi-Purpose Cooperative, Parista Barangay Defense System Multi-Purpose Cooperative, Parcutella Multi-Purpose Cooperative, Gabay sa Bagong Pag-asa Bungo, Bongabon Dairy Producers Association, PAO Producers Cooperative, Aglipay Dairy Producers Cooperative, Nueva Ecija Federation of Dairy Carabao Cooperatives, at Caudillo Prutas at Gulay Producers Cooperative.

Isinagawa ng PCC-NIZ, sa pakikipagtulungan ng PCC-BDCU, ang nasabing pagsasanay. ●

# iASK

inyong alamin solusyong kaya natin!



Department of Agriculture

**PHILIPPINE CARABAO CENTER**

CERTIFIED: ISO 9001 | ISO 14001 | OHSAS 18001

## Ano ang burong damo o *silage* at ang kahalagahan nito?

Nina Daniel Aquino at Eric Palacpac

Ang buro ay isang uri ng pagkain ng mga kalabaw o baka na inimbak sa selyadong lalagyan. Pagbuburo o “ensiling” ang tawag sa paggawa nito at ang tawag sa buruhan ay “silo.” Ang lahat ng klase ng damo o mga tirang pinag-anihan sa bukid na puwedeng kainin ng hayop ay pwede ring buruhin.

Gamit ang pamamaraang ito, siguradong mabibigyan ng sapat at wastong sustansiya ang kalabaw kahit na sa panahon ng tag-ulan man o tag-araw. Kasabay ng tamang pagbibigay ng sapat na pakain at nutrisyon sa alagang hayop ay ang mas magandang kita sa pag-aalaga ng kalabaw.

## Ano ang mga pakain sa hayop na maaaring buruhin?

1. Mga pakaing mayaman sa enerhiya:

-*Napier, Paragrass, Guinea grass, mais, Sorghum*, atbp.

-Mga tirang pinag-anihan sa bukid gaya ng dayami, bagaso ng mais at tubo

2. Mga pakaing mayaman sa protina

-Legumbre: Ipil-ipil, kakawate, malunggay, mani-manihan, *Centrosema, Rensoni, Stylo*, atbp.

-Mga pagkaing galing sa planta: Sapal sa paggawa ng *beer* o “spent grain”, balat ng saging o pinya

## Ano ang mga materyales na kakailanganin sa paggawa ng burong damo?

1. Lalagyan o buruhan ng damo gaya ng *drum, plastic bag*, o hukay sa lupa (*pit*)
2. Pandagan sa binuro gaya ng gulong at iba pang mabibigat na bagay
3. Damong buburuhin na may sapat na pagkabasa o “moisture content” na 65 hanggang 70%
4. De-makinang pantabas at pantadtad ng damo (*chopper*) o itak
5. Panghakot ng damong tinabas at tinadtad at mga kasamang gagawa ng buro

## Anu-ano ang mga pamamaraan sa paggawa ng burong damo?

- 1 Alamin ang dami ng damong buburuhin base sa pangangailangan ng hayop kada araw. Alamin din kung kailan at gaano katagal ipapakain ang buro.
- 2 Bumuo ng isang grupong gagawa ng buro at pag-usapan kung kailan ito gagawin.
- 3 Ihanda ang lalagyan (*silo*), pantadtad, *plastic*, atbp.
- 4 Anihin ang damo (45-55 araw) o mais (75-80 araw) sa tamang gulang.
- 5 Tantiyahin ang dami ng tubig o “moisture content” ng damo. Kung basa ang damo (mahigit 70% ang tubig) hayaan o ibilad ito ng 1-2 araw bago hakutin at tadtarin.
- 6 Tadtarin ang damo nang 1-2 sentimetro ang haba gamit ang de-makinang pantadtad (*chopper*) o itak.
- 7 Punuin ng mabilis ang “silo” o buruhan.
- 8 Siksiking mabuti ang damo sa lalagyan upang maalis ang hangin.
- 9 Isalansang mabuti ang binurong damo at selyuhang mabuti ang mga bahagi ng silo na pwedeng pasukan ng hangin o tubig-ulan. Lagyan ito ng pabigat o dagan sa ibabaw.
- 10 Pagkaraan ng tatlong linggo, puwede nang ipakain ang buro sa hayop. Kung ang hayop ay may anim na buwan ang edad o higit pa ay pwede na itong pakainin ng buro. Kapag binuksan ang buro, siguraduhing tuluy-tuloy ang pagpapakain hanggang sa maubos ito. Laging isauli ang takip ng buruhan pagkatapos kumuha ng buro.

## PATNUGUTAN

**Patnugot** Eric P. Palacpac | **Tagapamahalang Patnugot** Rowena G. Bumanlag | **Layout/Tagapamahala sa Isyung ito** Ma. Cecilia C. Irang | **Mga manunulat** Charlene P. Corpuz, Ma. Cecilia C. Irang, Chrissalyn L. Marcelo | **Mga nag-ambag ng artikulo** Angelique S. Anlocotan, Daniel L. Aquino at Eric P. Palacpac | **Tagapamahala sa Sirkulasyon** Chrissalyn L. Marcelo | **Tagapayo** Wilma T. Del Rosario | **Kasangguni** Anselmo S. Roque | **Pinunong Tagapagpaganap** Arnel N. Del Barrio